JANUARY
Makugihon

FEBRUARY
Mahigugmaon

MARCH
Matinabangon

APRIL
Matinahuron

MAY
Mahapsay og Malimpyo

JUNE
Maabtik og Musunod sa Insaktong Oras

JULY
Maantigo og Maabilidad

AUGUST
Maginhunahunaon para sa Uban

SEPTEMBER
Madaginoton

OCTOBER
Matinud-anon

NOVEMBER
Masaligan

DECEMBER
Maalampuon


Republic of the Philippines
**Department of Education**
**Regional Office IX, Zamboanga Peninsula**

*Zest for Progress*
*Zeal of Partnership*


# 1

# Araling Panlipunan

## Ikatlong Markahan – Modyul 8:
## Paaralan ko, Pahalagahan ko!



**Name of Learner:** ___________________________

**Grade & Section:** ___________________________

**Name of School:** ___________________________

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**


| | |
|---|---|
| **Mga Manunulat:** | Joy M. Rumay; Thelma T. Bonita |
| **Editor:** | Miriamita L. Labrado |
| **Tagasuri:** | Evelyn O. Capadngan<br>Gregeline D. Leonardo<br>Miriamita L. Labrado |
| **Tagaguhit/<br>Tagakuha ng Larawan:** | Joy M. Rumay |
| **Tagalapat:** | Miriamita L. Labrado |
| **Tagapamahala:** | Majarani M. Jacinto, EdD, CESO VI<br>OIC, Schools Division Superintendent<br><br>Visminda Q. Valde, EdD<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent<br><br>Raymond M. Salvador, EdD, CESE<br>OIC, Assistant Schools Division Superintendent<br><br>Juliet A. Magallanes, EdD<br>CID Chief<br><br>Florencio R. Caballero, DTE<br>EPS - LRMDS<br><br>Alma L. Carbonilla, EdD<br>EPS – Araling Panlipunan |



# Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa iyong kaalaman. Layunin nitong matulungan ka upang maipamalas ang buong pagmamalaking nakapagpapahayag ng pagkilalala at pagpapahalaga sa sariling paaralan. Ang saklaw ng modyul na ito ay nagpapahintulot na maaari itong gamitin sa iba't ibang sitwasyon ng pagkatuto. Ang wikang ginamit ay angkop sa magkakaibang antas ng bokabularyo ng mga mag – aaral. Ang aralin ay inayos ayon sa tamang pagkakasunod – sunod ng mga paksa na makikita sa aklat.

Pagkatapos mapag – aralan ang modyul na ito, inaasahang ikaw ay:

1. nakalalahok sa mga gawain at pagkilos na magpapamalas ng pagpapahalaga sa sariling paaralan.



# Balikan

Magandang Araw sa iyo! Kumusta ka?

Nasasabik ka na bang pumuntang muli sa iyong paaralan araw-araw upang doon ka mag-aaral? Huwag kang mag-alala. Malapit ka nang makabalik doon kung tuluyan nang mawala ang pandemyang COVID-19. Sa ngayon ipagpatuloy lang muna iyon ang pag-aaral sa pamamagitan ng ng modyul.

Handa ka na ba sa aralin mo sa linggong ito? Alam kong ikaw ay masigasig na matutunan mo ang isa pang leksyon tungkol sa iyong pwedeng magagawa para sa iyong paaralan. Pero, bago ka magpatuloy balikan mo muna ang iyong nakaraang aralin.

Iguhit ang masayang mukha ☺ kung ang naitala ay ipinapatupad ng iyong paaralan at malungkot na mukha ☹ kung hindi.

_____1. Bumili ng pagkain sa labas ng paaralan sa oras ng reses
_____2. Magbigay galang sa bawat isa.
_____3. Pagsulat sa  pader, dingding o upuan
_____4. Itapon ang basura sa tamang lagayan.
_____5. Makiisa sa pagpapanatili ng kalinisan sa paaralan.

| Aralin 1 | Paaralan Ko, Pahalagaan Ko! |
|---|---|

# Aralin 1: Paaralan Ko, Pahalagaan Ko!



## Tuklasin

Anu- ano ang mga gawaing nararapat gawin mo para sa iyong paaralan? Paano mo ito maipapakita?

Bago mo sagutin ang mga tanong, basahin mo muna ang kuwento.

### Aalagaan Kita

**ni Mel Joyce M. Rumay**

Si Joan ay isang mag-aaral sa unang baitang sa Balamban Elementary School. Sa murang edad nya, naghahangad na siya ng magandang kinabukasan. Kaya araw-araw siyang pumapasok sa kanyang klase upang may matutunan.

Nakaugalian na niyang pumasok nang mas maaga pa sa takdang oras ng kanilang klase para siya makilahok sa anumang gawain ng kanilang paaralan na kaya niyang gampanan. Siniguro din niya ang pagdidilig ng limang paso ng halamang bulaklak bago siya umuwi sa hapon. Ito kasi ang nakaatas na gawain niya.

Ikinagagalak niyang tumulong at makibahagi sa anumang pagkilos ng kanyang paaralan. Ito ay kanyang ginagawa bilang pagpapahalaga nito upang manatili itong aayos.

Natandaan niya ang sinabi ng kanilang guro na si Gng. Lilibeth Mejorada noong unang araw ng pasukan.

"Mga bata, dapat panatilihin natin ang kaayusan ng ating buong paaralan na sinimulan ng inyong mga magulang at iba pa nating mga stakeholders noong Brigada Eskwela bago ang nagsimula ang pasukan."

Mga Tanong:

1. Ano ang hinahangad ni Joan?
2. Anu-anong mga gawaing kadalasang ginagawa ni Joan sa paaralan maliban sa pagpagpasok ng kanyang klase?
3. Bakit kaya ginawa niya ang mga ito?
4. Bilang isang mag- aaral, ano pa kaya ang iba pang mga gawain na nararapat gawin ng mga mag-aaral para sa kaayusan ng kanilang paaraalan?

Nasasagot mo ba ang mga tanong sa ibabaw?
Magaling! Karapatdapat kang magpatuloy ng iyong pag-aaral sa leksyong ito. Halika ituloy natin.



# Suriin

Tingnan ang mga larawan.







Ang mga larawang iyong pinagmasdan ay iilan lamang sa mga gawaing kayang gampanan ng isang batang tulad mo di ba?

Sa iyong pakikilahok ipinapakita mo na nagmamalasakit ka para sa kapakanan ng iyong paaralan. Mapanatili itong maganda, maayos at kaaya-aya sa pag-aaral ng mga mag-aaral.




Bawat taon bago magpasukan inihahanda ang iyong eskwelahan. Natulong tulong ang mga magulang, guro, at iba pang tao sa inyong pamayanan sa pagpapatupad ng Programang Brigada Eskwela.

Dahil dito, mas nagustuhan ng mga mag-aaral na pumasok sa paaralan sa unang araw ng pasukan.

**Tandaan:**


- Mahalaga ang paaralan sa iyong pag-aaral.
- Ipamalas ang pagpapahalaga sa iyong paaralan sa pamamagitan ng pakikilahok sa mga gawain na angkop sa iyong kakayahan.
- Maipapakita mo ito sa maraming paraan tulad ng pakikiisa sa gawaing pangkalinisan gaya ng pagwawalis, pagdidilig ng bulaklak at halaman, pagtatapon ng basura sa tamang lalagyan, pagtitipid ng tubig at iba pa.



# Pagyamanin

Umaasa akong may natutunan ka sa aralin mo ngayong. Tara na pagyayamanin natin ito sa pamamagitan ng sumunod na gawain.

Isulat ang bilang ng larawan sa loob ng ♡ kung ang gawain ay nagpapakita ng pagpapahalaga sa paaralan at sa loob ng ☆ kung hindi.





# Gawain

Kulayan ng bughaw ang kahon kung ang pahayag sa loob nagpapakita ng mga gawaing magdudulot ng kaayusan sa paaralan

**1.“Linisin natin ang kanal upang hindi bumara.”**

**2.“Ginagalang ko ang aking guro at kapwa mag-aaral.”**

**3.“Magbasa tayo ng libro.”**

**4.“Punasan ko ang bintana.”**

**5.“Ipinaalam ko sa aking guro ang sirang faucet.”**

**6.“Nakikiisa sa pagtatanim ng mga punongkahoy”**



# Isaisip

Ngayon buohin mo ang mahalagang kaisipan na iyong napag-aralan ngayon. Punan lang ang patlang ng angkop na salita na itinuturo ng palaso.

kakayahan

pakikiisa

pagpapahalaga

magulang

pakikiliahok

Ipamalas ang __________ sa iyong paaralan sa pamamagitan ng _________ sa mga gawain na angkop sa iyong ______________.

Maipapakita mo ito sa maraming paraan tulad ng ________ sa gawaing pangkalinisan na sinimulan ng mga _________ noong Brigada Eskwela.



# Tayahin

Handa ka na ba sa isang maikling pasulit? O segi gawin mo na.

**Panuto**: Bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin ang **hindi** nagpapakita ng gawaing nagpapahalaga sa paaralan?
   A. maglinis B. maglaro C. magtanim

2. Nakita ni Ana na isang pirasong basurang papel malapit sa kantina. Ano ang nararapat niyang gawin?
   A. Hahayaan lang ang basura
   B. Pupulutin ang kalat at ilagay sa tamang baurahan
   C. Ipaalam sa tagalinis upang malinis ang lugar

3. Bumara ang kanal malapit sa inyong silid-aralan at malapit nang umapaw ang tubig. Ano ang iyong gagawin?
   A. Ipaalam sa punong- guro upang matugunan ang problema
   B. Tawagin ko ang aking klasmits at maglaro kami sa kanal
   C. Linisin kong mag-isa ang kanal para di aapaw

4. Tinapakan ng iyong kaklase ang bagong tanim na bulaklak kaya namatay ito. Alin sa mga sumusunod ang gagawin mo?
   A. Gayahin ko ang ginawa niya.
   B. Gawin naming laruan ang sa halamanan.
   C. Pagsabihan ang ko siya na huwag ulitin ang kanyang ginawa.

5. Si Carla ang taga patay ng ilaw bago ang kanilang uwian sa hapon. Isang araw nasa daan na siya nang naalala niyang hindi niya ito nagawa. Ano ang nararapat niyang gawin?
   A. Mas maaga siyang papasok bukas upang patayin ang ila
   B. Babalik siya kanilang silid aralan upang patayin ang ilaw
   c. Makisuyo sa ibang bata na bumalik upang patayin ang ilaw



# Karagdagang Gawain

Binabati kita! Malapit mo nang matapos ang iyong aralin ngayon. Karapat-dapat kang bigyan ng tatlong palakpakan.

Bago ka magpahinga gawin mo muna ito.

Basahin ang tulang "Pangalawang Tahanan" at salungguhitan ang mga salita na nagpapahayag ng gawaing nagpamalas ng pagpapahalaga sa paaralan.

**Pangalawang Tahanan**

ni Sean Nel M. Rumay

Pangalawang tahanan itong paaralan
Isaisip at isapuso na ito'y ingatan
Basura'y ilagay sa tamang lalagyan
Upang kalat ay maiwasan.

Makiisa sa pagtatanim ng mga punongkahoy
Hangin sa paligid maging malinis
Huwag din kaligtaan ang iba pang halaman
Araw araw mo silang didiligan

Mga batang nagpapakita ng kalinisan
Magiging maganda ang kinabukasan
Pangarap ng bawat isa'y ingatan
Tayo na't pahalagahan ang ating paaralan.

Sana may natutunan ka sa ating pagsasama.
Hanggang sa susunod nating pagsasama mahal kong mag-aaral!

# Susi sa Pagwawasto


**BALIKAN**

1. ☹
2. ☺
3. ☹
4. ☺
5. ☺

**TUKLASIN**

1. Sa murang edad ni Joan, naghahangad na_siya ng magandang kinabukasan.
2. Sinisiguro niya ang pagdidilig ng limang paso ng halamang bulaklak.
3. Ito kasi ang ang nakaatas na gawain niya at gusto niyang gampanan ang mga bagay na kaya niyang gawin.
4. Maaaring magkaiba ang sagot ng mga bata.

**PAGYAMANIN**




**GAWAIN**

1.“Linisin natin ang kanal upang hindi bumara.”

4.“Punasan ko ang bintana.”

5.“Ipinaalam ko sa aking guro ang sirang faucet.”

6.“Nakikiisa sa pagtatanim ng mga punongkahoy”

**ISAISIP**

Ipamalas ang **pagpapahalaga** sa iyong paaralan sa pamamagitan ng **pakikilahok** sa mga gawain na angkop sa iyong **kakayahan**.

Maipapakita mo ito sa maraming paraan tulad ng **pakikiisa** sa gawaing pangkalinisan na sinimulan ng mga **magulang** noong Brigada Eskwela.

**TAYAHIN**

1.B 2.B 3. A 4. C 5. B

**KARAGDAGANG GAWAIN**

**Pangalawang Tahanan**

Pangalawang tahanan itong paaralan
Isaisip at isapuso na ito’y ingatan
**Basura’y ilagay sa tamang lalagyan**
Upang kalat ay maiwasan.

**Makiisa sa pagtatanim ng mga punongkahoy**
Hangin sa paligid maging malinis
**Huwag din kaligtaan ang mga halaman**
**Araw-araw mo silang diligan**

Mga batang nagpapakita ng kalinisan
Magiging maganda ang kinabukasan
Pangarap ng bawat isa’y ingatan
Tayo na’t pahalagahan ang ating paaralan.

# *Sanggunian:*

Abad, Aurea Jean, A., Araling Panlipunan- Unang Baitang Kagamitan ng Mag- aaral Sinugbuanong Bisaya Binagong Edisyon 2017, Republika ng Korea ng Prinpia Co.,Ltd., 54 Gasanro 9gil Geumcheongu, Seoul,Korea., pp. 174- 180

**Region IX: Zamboanga Peninsula Hymn – Our Eden Land**

Here the trees and flowers bloom
Here the breezes gently Blow,
Here the birds sing Merrily,
The liberty forever Stays,

Here the Badjaos roam the seas
Here the Samals live in peace
Here the Tausogs thrive so free
With the Yakans in unity

Gallant men And Ladies fair
Linger with love and care
Golden beams of sunrise and sunset
Are visions you'll never forget
Oh! That's Region IX

Hardworking people Abound,
Every valleys and Dale
Zamboangueños, Tagalogs, Bicolanos,
Cebuanos, Ilocanos, Subanons, Boholanos,
Ilongos,
All of them are proud and true
Region IX our Eden Land

Region IX
Our..
Eden...
Land...

## The Footprints Prayer

One night I had a dream. I dreamed that I was walking along the beach with the LORD.

In the beach, there were two (2) sets of footprints – one belong to me and the other to the LORD.

Then, later, after a long walk, I noticed only one set of footprints.

"And I ask the LORD. Why? Why? Why did you leave me when I am sad and helpless?"

And the LORD replied "My son, My son, I have never left you. There was only one (1) set of footprints in the sand, because it was then that I CARRIED YOU!

## Trees by Joyce Kilmer

I think that I shall never see
A poem lovely as a tree.

A tree whose hungry mouth is prest
Against the earth's sweet flowing breast;

A tree that looks at God all day,
And lifts her leafy arms to pray;

A tree that may in Summer wear
A nest of robins in her hair;

Upon whose bosom snow has lain;
Who intimately lives with rain.

Poems are made by fools like me,
But only God can make a tree.